


Ang mga tao ay kritikal na bahagi ng ligtas na operasyon. Pebrero 2023



Larawan 1: Mga opsyon sa pagsubaybay sa antas ng tangke mula sa ulat ng CSB 2010.02.I.PR (Fig. 13)

Isang kumpanya ang nagsasagawa ng riyesgo at pagtatasa ng panganib sa kanilang yarda ng mga tangke para sa nasusunog na likido. Habang nirerepaso ang mga sistema ng kaligtasan, ang punto ng pinaka-mataas na alarma ay kinuwestiyon. Ang inhinyero (maamong) ay sumagot na ang puntong ito ay nasa 99% ng taas ng tangke. Kung totoo ito, sa panahon ng pagpuno, ang tangke ay maaaring umapaw bago ang mataas na alarma ay maaaring magbabala sa operaytor at maaaring gumawa ng aksyon upang ihinto ang daloy. Nakilala ito ng koponan bilang isang napakalubhang agwat at itinigil ang PHA.

Isang maliit na koponan ng mga empleyado ng pagpapanatili ay sinuri ang pinaka-mataas na posisyon sa ilang mga tangke at natagpuan na sila ay nakaposisyon upang aktibahin sa 99%. Ang isang pansamantalang pamamaraan ay ipinatupad upang ligtas na punan ang mga tangke hanggang sa ang mga bagong aparato ng antas ay maaaring mailagay sa tamang antas.

Isang administratibong kontrol ang tanging dahilan kung bakit hindi nakaranas ng pag-apaw ng mga tangke ang planta. Ang taong bumibili ng maramihang pantunaw ay maingat na sinusubaybayan ang mga antas ng tangke at pagkonsumo nito, pagkatapos ay bibili lamang ng tamang dami upang punan ang tangke sa 85% na antas. Ang nag-iisang layer ng proteksyon na ito ay ganap na batay sa pagganap ng isang indibidwal, ngunit ang pamantayan sa pagbibili ay hindi dokumentado sa isang pamamaraan.

Alam Mo Ba?

- Sa hirarkiya ng mga kontrol, ang isang maayos na pagka-disenyong Ininhinyerong pananggalang (hal. Pinaka-mataas na antas ng sistema ng pagtigil) ay mas maaasahan, (mas malakas) kaysa sa isang administratibong pananggalang (isang operaytor na manu-manong nagsasara ng mga balbula bilang tugon sa mataas na antas ng alarma).
- Ang mga pang-inhinyerong kontrol ay kailangang maayos na dinisenyo, mai-kabit at mapanatili (sinisiyasat, na-ikalibrate at subok).
- Kapag ang isang pananggalang ay batay sa administratibong kontrol, ang mga katangiang ito ay kinakailangan:
 - Kailangan ang isang pamamaraan upang maidokumento ang tamang mga aksyon at pagkakasunud-sunod.
 - Ang mga operaytor ay dapat na sinanay kung paano ligtas na sundin ang pamamaraan.
 - Kailangang maipakita ng mga operaytor na kaya nilang gampanan ang gawain na dokumentado.
- Ang lahat ng mga pananggalang, inhinyero o administratibo, ay dapat na magagawang tumugon nang sapat ang bilis upang maiwasan ang hindi kanais-nais na kaganapang ito ay sinadya upang maiwasan o upang mabawasan ang mga epekto kung ito man ay mangyari.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Kapag nagtatrabaho sa isang proseso, kailangan mong maunawaan ang mga sistema ng kaligtasan at ang kanilang pag andar upang maaari mong tugunan ng maayos kapag may problemang nangyayari.
- Kung sa panahon ng pag-ikot o operasyon, natuklasan mo ang isang pananggalang ay hindi gumagana nang maayos, iulat ito kaagad. Hindi mo alam kung kailan ito kakailanganin.
- Kapag nakikibahagi sa mga pagrerepaso ng panganib tulad ng isang PHA, huwag mag-atubiling ituro ang mga kakulangan sa mga sistema ng kaligtasan.

Ang mga pananggalang ay kailangang tumugon, at sapat ang lakas at bilis!